**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF**
**VARIOUS GOVERNMENT ASSISTANCE IN NORTHERN SAMAR**
**Provincial Capitol Grounds, Catarman, Northern Samar**
**July 14, 2023**

[00:00:00]
Damo salamat, Governor Edwin.

Please sit down.

Maupay nga adlaw kaninyong tanan! Maraming salamat sa inyong pagsalubong.

It is always good to --- lagi naman masaya basta't naririnig ko ulit iyong Waray-Waray at parang kasama ko iyong aking mother, kaya't I'm very happy to be here today. [applause]

Mas lalo na dahil ang pinanggalingan namin ni Gov ay iyong pag-inaugurate doon sa kadulo-duluhan na ng circumferential road. Mabubuo na natin iyong circumferential road ng Samar. Kaya't malaking bagay iyan, kaya't pinuntahan ko at makita ko na talagang maganda ang trabaho, [applause] maganda ang pagkagawa at kung ano pa ang mga idadagdag.

Ngunit dahil nandito kami ay lahat ng puntahan namin ay naglalagay kami ng kadiwa store para nga maramdaman naman ng ating mga kababayan na mayroong kaunting ginhawa na maibigay natin para naman mas abot-kaya na mga produkto. Kaya po bukod diyan ay kung makita po ninyo sa labas, iyong kadiwa ang buhay niyan ay iyong supply ng local. Hindi mabubuhay iyan kung hindi tayo makapag-supply sa ating mga kababayan.

Kaya't kasama doon naman sa aming binigay doon sa Rice Program ng Department of Agriculture, mayroon kaming mga binigay na tractor, mga harvester. Nandiyan mga makina para maging mas maganda ang ating agrikultura.

Dahil nga dapat matuto na tayo sa nangyari sa pandemya na noong nagsara lahat, naging dependent na kasi tayo sa imported ng bigas. Kaya't nagsara iyong

Vietnam, nagsara iyong Thailand; iyong mga kinukuhanan natin nagsara lahat, bigla tayong nakulangan, tumaas ang presyo ng bigas.

[00:02:12]
Kaya't alam na natin iyon, huwag na nating antayin pa na may mangyaring ganyan, paghandaan na natin. Iyan po ang aming ginagawa sa Department of Agriculture para pagandahin ang ani ng ating mga magsasaka, ay ang mabigyan ng suporta sa pautang, pati sa technical support.

Iyan po ang aming ginagawa para naman pagtagal, siguro mararamdaman na natin sa lalong madaling panahon, mararamdaman na natin na talagang gumanda na ang sitwasyon. Hindi lamang sa production. Lagi kong paulit-ulit na sinasabi ito. Pag sinasabi natin, gusto natin palakihin ang produksyon, tama iyon. Kailangan natin iyan para kaya natin pakainin ang sarili natin.

Ngunit, bukod sa produksyon, kailangan maganda naman ang hanapbuhay ng ating mga magsasaka. Kaya't iyong farmgate price naman ay nakakabawi sila doon sa kanilang mga ginawang utang, doon sa kanilang ginamit para bumili ng mga inputs. Lahat ito ay kailangan suportahan ng pamahalaan. Iyan ang aming ginagawa sa Department of Agriculture, hindi lamang sa bigas, hindi lamang sa mais, pero pati na sa high value crops. Lahat sa fruits sa Mindanao.

Kasama din diyan iyong parami natin ng isda para hindi tayo nag-i-import ng isda. Hindi yata tama na ang Pilipinas na puro isla, na nakapaligid ang dagat ay nag-i-import ng isda. Kaya't kailangan paramihin natin iyong ating nursing grounds para sa mga…

Tapos iyong ating problema ngayon para sa baboy at saka sa manok, iyon, lahat iyan ay tinitingnan natin. Baka pwedeng bakunahan para naman iyong produksyon natin dito ay maging mas maganda at dumami ang produksyon natin, maganda ang kita, maganda ang hanapbuhay ng ating mga magsasaka at mura ang kadiwa na ibibigay natin sa taumbayan. Iyon po ang plano. Tulungan niyo po kami. Kaya natin gawin ito pagka nabuo natin ang sistema na iyan. [applause]

At bukod pa roon, syempre tayo'y lumalabas-labas na sa ekonomiya ng pandemya ngunit kahit na gumaganda ang mga numero, mayroon pa rin talaga sa atin na mga kasama natin na nangangailangan pa rin ng tulong lalo na iyong mga maliliit na negosyo. Iyong tawag natin MSME.

Kaya't nandiyan naman sa labas din ang DTI, ang Department of Trade and Industry. Nandito iyong ating Kalihim, Secretary Fred Pascual ng Department of Trade and Industry.

Mayroon silang training kasama iyong TESDA, maging TESDA scholar, tapos binibigyan ng DTI ng mga starter kit para halimbawa sa labas, mayroong maliliit

na pugon para magkapag-bakery nang kaunti. Tapos iyong mga… Pagka naman iba, iyong air conditioner, iyong air condition repair. Basta't magkaroon lang ng hanapbuhay.

[00:05:36]
Kaya't nandito po kami para matiyak na iyong mga talagang bumagsak, kasi talagang maraming tinamaan ng mabigat, naubos ang kanilang savings, nagsara ang kanilang negosyo, hindi na sila makabalik, iyon ang mga hinahanap namin para tulungan dahil iyan ang puno't dulo ng ating ekonomiya, ang mga maliliit na negosyo, ang MSMEs. Kaya't kailangan natin pasiglahin at buhayin iyang sektor na iyan. Kaya't iyan po ang aming ginagawa.

Ngunit kagaya ng sabi ko, mayroon pa ring nangangailangan ng tulong kaya tinitiyak din namin, mayroon din kami dito, na makapagbigay ng tulong sa ating mga cooperative. Iyong iba sa cooperative, iyong iba sa LGU, at saka iyong iba sa mga indibidwal na tao para naman kahit papaano mayroong pangkabuhayan.

At diyan din pala sa likod, hindi ko na nabanggit, ay mayroon tayong job fair. At alam naman natin ang lahat ng Pilipino iyan ang hinahanap, maghahanap ng magandang trabaho. [applause]

Iyong mga mag-a-apply, good luck. At sana kahit papaano ay makatulong itong aming mga ginagawa.

Kaya't iyon po ang sadya namin dito at hindi lang bibisita sa aking mga kapitbahay, kung hindi makita na iyong aming mga ginagawang proyekto na pinag-uusapan namin sa Maynila ay tinitiyak natin na hanggang dito sa grassroots level ay inaabot at nararamdaman ng tao.

Maraming, maraming salamat. Damo nga salamat! [applause]
[00:07:23]

***